

1

“Narinig mo na ba ang balita, Lander?”

Dumako ang tingin ni Lander sa matandang babae habang umiinom ng sabaw ng buko mula mismo sa bunga ng niyog. Umiling-iling siya habang pinapahid ng likod ng kamay ang bibig. “Ano po ’yon, Mamang?” balik-tanong niya sa kawaksi ng kanilang pamilya.

“Ikakasal na ang kapatid mong si Miguel. Bakit di mo kaya buksan ang cellphone mo kahit paminsan-minsan lang at nang mabasa mo naman ang mga mensaheng ipinapadala sa ’yo ng kapatid mo sa Maynila,” dere-derechong pahayag ng matanda at kinutsara ang laman ng bukong hawak-hawak nito gamit ang ginawa niyang kubyertos galing mismo sa pinagbalatan niya nito.

Nasa niyugan sila ng malawak na lupain ng mga Pireira. Peak season noon ng mga buko, kaya araw-araw kung manguha sila ng bunga ng niyog kasama ang Mamang Renata niya, ang asawa nitong si Cardo at ang nag-iisang anak ng mga itong si Aya na maglalabing-siyam na taon na sa darating na buwan.

“Kilala ba ng pamilya ang mapapangasawa niya?” tanong niya habang pinagbubuksan ng buko si Aya. Ang Tatay Cardo niya ang nasa itaas ng puno ng niyog.

“Si Miguel raw ang unang nakakilala sa babae sa Maynila. Duda ko kung kilala ni Sir Enrique ang pamilya niya,” tukoy nito sa kanyang ama. “Ano nga ba ang pangalan ng babae?” anitong napapaisip. “S-Selina... o Celine...” Napailing ito. “Basta nasa dalawang iyon lang ang pangalan ng babae. Ang apelyido ay—”

“Celine Umali. Iyon ang pangalan ng mapapangasawa ni Miguel, Mang,” singit ni Aya na panay ang text.

“Iyon nga! Celine Umali, kilala mo ba siya?” derechong tanong ng kawaksi.

“Celine Umali,” ulit niya at kinapa sa isip kung nakilala na ba niya ang babae. Pagkaraan ay umiling-iling siya. “Hindi ko kilala. Baka nitong huli lang nila nakilala,” walang anuman niyang turan at nilingon si Aya na abala pa rin sa kapipindot ng cellphone. “Gusto mo pa ba ng buko?”

Umiling-iling ito. “Busog na ako.”

“Sabaw lang ang ipinasok mo sa tiyan mo, pero

busog ka na agad. Kaya napakapayat mo,” sita niya rito at inabot ang hawak nitong buko at biniyak gamit ang itak na hawak. Ibinalik niya sa dalaga ang hati nang buko. “Ubusin mo na ’yan at nang makauwi na tayo. Tataas na ang araw, masyado nang mainit.”

“O, ano ang masasabi mo sa pagpapakasal ng kapatid mo?” Si Tatay Cardo na maliksi pang tumalon galing sa mababang bahagi ng puno.

Nilingon niya ang matipuno pa ring lalaki na pinapagpag ang damit. “Masaya ako para sa kanya. Oras na rin talaga para mag-asawa siya. Ilang taon nang puro trabaho na lang ang inaatupag niya,” sagot niya at nagpunas ng kamay sa maong na suot bago inayos ang pagkakatali ng buhok. Balak niyang tawagan ang kapatid pagdating sa bahay.

“Ikaw ba, wala pang balak mag-asawa?”

Napangisi siya sa tanong ng matandang lalaki bago napapailing na sumubo ng buko. Marahan muna siyang ngumuya bago sumagot. “Asawa ko ang lupaing ito, ’Tay.”

“Kung lumuluha ang lupaing ’to malamang inanod na tayo ng baha dahil sa pangangaliwa mo sa kanya, gabi-gabi ay iba ang kasama mo sa bayan.”

Lalong lumawak ang ngisi niya sa tinuran ni Aya.

“Nauunawaan niyang may pangangailangan ako na hindi niya kayang ibigay.”

Umikot ang mga mata ng dalaga, sabay ngiwi. “Nakakadiri ka talaga kahit kailan!”

“Naku, Lander, huwag mo ngang turuan ng kung ano-ano ’yang batang ’yan!” saway ni Renata na nagsimula nang iligpit ang mga pinagkainan nila at itinambak sa isang sulok.

“Paano ko naman ho siya matuturuan, pagkatigas ng ulo. Math nga, hindi makuha-kuha! Hindi ko maintindihan kung paano siya nakakapasa sa eskuwela,” pang-aalaska niya sa dalagang kapatid na ang turing.

Humahalakhak na napayuko siya nang batuhin siya nito ng kutsarang hawak. “Ang yabang mo!”

Natatawang nilapitan niya ito at ginusot ang buhok. “I’m kidding, huwag kang pikon.”

Inirapan lang siya nito at napailing na lamang ang mag-asawa.

“Balita ko ay mag-aasawa ka na, imbitado ba ako?” kaagad niyang tanong kay Miguel sa kabilang linya.

“Finally! Muntik na kitang padalhan ng bagong cellphone diyan para makausap ka, ah. Hindi naman kita matiyempuhan sa landline sa bahay dahil palagi ka raw nasa rancho, kung di ay sa kung saang lupalop ng kagubatan.”

Napangiti si Lander sa tinuran ng kapatid at inalis sa bibig ang nakasubong tangkay ng damo. “Charger ang ipadala mo, marami. Hiniram ko lang ang ginamit kong charger kay Tatay at nawawala ang sa akin. At alam mo naman na wala ang trabaho sa bahay para tumambay ako d’on maghapon.”

“Hindi ka pa rin mapakali sa isang sulok, that’s so very you,” puna nito.

“Yep!” derecho niyang pag-amin. “So tell me about this wedding. It’s rather sudden, gan’on ba kaganda?”

“It’s sudden ’cos it’s a marriage of convenience, this is what we need to completely expand our business in the Philippines. Pamilya ni Celine ang nangunguna sa dried fruits business sa Visayas at Mindanao. You know we have the whole Luzon, there’s no setup that can get better than this. We could finally think of exporting!” Puno ng enthusiasm ang tinig ng kanyang kapatid.

Napailing siya. "At least, tell me that you're marrying a girl."

"What do you mean?" Halata ang pagkalito sa boses nito.

"Sa tono kasi ng pagsasalita mo, hindi mahalaga ang gender ng mapapangasawa mo. You sounded like you'd marry a fat gay guy para lang sa business plan mo."

Rinig niya ang halakhak ni Miguel sa kabilang linya. "She's a girl, Brother."

Napangisi siya. "F*ckable?"

"Jesus, you and your dirty mouth!" bulalas nito.

"Not f*ckable?" tanong pa rin niya.

Bumuntong-hininga ang nasa kabilang linya tanda ng pagsuko. "You'll see tomorrow. I'm taking her there with Dad. Oras na rin daw para bisitahin niya ang rancho."

"What?" Siya naman ang natigilan.

"We'll spend a few weeks there, ipapakita ko ang buong kalupaan natin, the very source of our products."

"I'll send you pictures of the factory, wouldn't it

be enough?” kontra niya.

“Far from enough.” Nakikinita na niya ang pagngisi ng kapatid. “So wear a clean shirt tomorrow and be nice. I’ll see you.”

Nailing na ibinalik niya ang damo sa bibig at humilata sa damuhan. Ilang taon na ba mula nang huling umuwi si Miguel at ang kanyang ama sa kanila? He would bet it was more than seven years. He’d been to the city three to four times within the duration.

Iyon ang mga pagkakataong hindi siya nakagawa ng palusot na mag-attend ng yearly board meeting ng kompanya. The one owned by Enrique, their father. So it was only natural that his sons had shares and were required to attend. Kahit na nga ba napagkasunduan nang na kay Miguel ang mas malaking share dahil dito ipapamana ang ownership ng *Pireira Dried Fruits Company*. Sa kanya naman napunta ang rancho.

Ang katotohanan ay mas gusto niyang ibigay na lang ng ama ang pamamahala ng rancho kay Miguel, he was more responsible and he didn’t want to give orders and command to people. Gusto lang niyang magtrabaho. Be one with the people, herd cattles and sheep, plant trees, harvest, and hunt wild animals. He wanted to be free as anyone could be. He closed

his eyes as he felt the wind encourage him to relax. The nature seemed to assure him that everything was going to be fine, that his father would like what he did with the whole place.

“Yan, ’yang kahabaang nakikita natin, diyang kami unang nagkarera ni Lander, riding our own horses. The first and only time I won against him.” Kumikislap ang mga mata ni Miguel habang itinuturo ang mahabang dirt path na parallel sa dinadaanang nilang kalsada.

Napangiti si Celine habang nakatanaw sa guwapong mukha nito. One could tell that the story he was telling was a very precious memory to him. Binabaybay nila ang kahabaan ng kalsada ng *Pireira Road*, ayon sa nabasa niya kanina. It was a sign that they were nearing the Pireira boys’ home. The home that would be hers as well soon.

“This is a lovely place,” sinsero niyang usal.

“Not as lovely as you, Darling,” mabilis na salo nito at inakbayan siya.

She leaned her head on her fiancé’s shoulder. Sabay nilang tinanaw ang walang katapusang kabundukan at kapatagan na dinaraan. The greens

of the nature were very relaxing, the smell seemed to make the place even more inviting.

She knew that it wasn't love that brought her and Miguel together, but she was still thankful. Hindi lahat ng marriage for convenience ay ganito kadali. Napakadaling pakisamahan ng panganay na Pireira, napakatalino at napakaguwapo. Wala itong commitment, he assured her that. At siya naman ay mag-iisang taon nang walang karelasyon. She was busy with their business and the only thing she was focusing on was to expand nationwide. It was his father's lifelong dream. And then they'd met.

The attraction, although was not that strong, was still there. At sa mag-aapat na buwan nilang pagsasama ay ni minsan hindi pa sila nagkaproblema. She even felt like slowly falling in love with him. And she was hoping that he would feel the same too. She smiled to herself, alam niyang hindi iyon malayong mangyari.

“Welcome to our humble home, Celine!”

Inabot niya ang naghihintay na kamay ni Enrique Pireira na nauna nang buksan ang passenger seat pagkababa nito sa tabi ng driver. The old man had a very warm smile, much like Miguel's. Mabilis nang nakapalibot ang braso ni Miguel sa baywang niya

habang iniikot niya ang paningin sa lugar. Nabitin ang kanyang hininga nang maayos na mapagmasdan ang buong paligid.

Ang mala-higanteng bahay na gawa sa malalaking tabla at bato ay wala man lang bakod. Tila iyon itinanim sa gitna ng napakalawak na damuhan na lahat ay berde, katunayang napakataba ng lupang kinaroroonan nila. Ang nagsilbing bakod sa mala-palasyong mansyon ay ang malalaking puno na nakapaikot sa buong lugar na hindi na halos niya maabot ng tingin.

Sa isang panig niyon ay isang mababang burol at ang karamihan na ay malalaking bundok na nalililiman ng asul na asul na langit. It was four o'clock in the afternoon and the sun was round and shining brightly. Pero ang lamig ng hangin ay tila sa nag-uumaga. Napakapresko na tila ba gustong ihele ang sinuman upang payapang makatulog.

“This must be heaven,” she mindlessly uttered in awe.

Nang hindi kumibo ang dalawa niyang kasama ay nilingon niya ang mga ito. Ipinagtaka niya ang tingin sa mga mata ng mag-ama na tila noon lang din nakarating sa lugar na iyon.

“Well, I’ll be damned...” wala sa sariling bulong ni Miguel.

“What’s wrong?” taka niyang tanong.

“The house is basically new,” sagot ng matandang Pireira, puno ng galak ang tinig. “Although the original construction is retained, there’s no doubt it’s new. And this field used to be wild grasses and wild snakes.” Napangiti ito.

“I can’t wait to see the ranch,” ani Miguel.

“Sir Enrique! Miguel!”

Sabay-sabay silang napalingon sa entrada ng mansyon. Doon ay nakita niya ang matandang lalaki at babae. Sa paraan ng pag-alalay ng lalaki sa kasama ay nahulaan na niyang mag-asawa ang dalawa. May isang dalagang malawak din ang pagkakangiti habang nakasunod sa magkapareha.

“Maligayang pagbabalik ho, Sir!” sabay-sabay na bati ng mga ito kay Enrique.

“Tatay Cardo, Mamang Renata, kumusta ho kayo?” masiglang turan ni Miguel na kagyat siyang hiniwalayan at mahigpit na niyakap ang matandang babae matapos halikan sa pisngi.

“Miguel, Anak, napakalaki mo na, at pagkapogi

pa!” maluha-luha nitong saad. “Napakatagal mong hindi napadpad dito, ang sarap mong sinturunin.”

Napahalakhak ang binata. “Pasensya na, Mamang,” anito nang humiwalay sa babae. “Naging masyadong abala lang sa Maynila.”

Inirapan ito ng matanda. Nginitian lang ito ni Miguel at bumaling sa dalagang nakangiting nakamasid sa kanila. Nakita ni Celine ang paglapad ng ngiti ng nobyo habang umiiling-iling na pinagmamasdan ito. “Could that be you, Aya?”

Tuluyang tumawa ang babae. “Miguel...”

Inilang hakbang ito ng kanyang kasintahan at mahigpit na niyakap. Napatili pa si Aya nang umangat ito sa lupa at inikut-ikot ni Miguel habang yakap-yakap. “Napakalaki mo na!” anito nang bitawan ang dalaga.

Hindi ito tumugon pero hindi maalis-alis ang ngiti sa mga labi.

“Binantayan ka bang maigi ni Lander?” pagkuwan ay tanong ng lalaki.

Nawala ang ngiti sa maganda nitong mukha. Napatingin si Miguel sa mag-asawa.

“Kagabi lang ay tinakot ni Lander ang manliligaw

niya, kaya war ang dalawa ngayon.”

“That’s so very Lander,” panghuling komento ng binata at ginulo ang buhok ng dalaga bago siya hinarap.

“Darling, I’d like you to meet Tatay Cardo and Mamang Renata. Sila ang tagapangalaga ng mansyon. Our second parents, dito na sila nagkakilala hindi pa man kami ipinapanganak. And this is their daughter, the youngest Pireira,” kumindat ito sa mag-asawa bago nagpatuloy, “Aya... She lives here too. And everyone, this is Celine. Siya ang mapapangasawa ko.”

“Ikinagagalak ko po kayong makilala,” nakangiti niyang inabot ang kamay kay Tatay Cardo at ginawaran ng halik sa pisngi ang dalawang babae.

“Napakaganda mo, Ma’am Celine! Bagay na bagay kayo ni Miguel,” kinikilig na turan ni Renata.

She smiled back sweetly. “Please, ‘Celine’ na lang po. At maraming salamat.

“So where’s Lander?” bigla ay tanong ni Enrique.

“Nasa kuwadra ho, Sir. Ipapatawag ko na,” maliksing sagot ni Cardo.

“Huwag na, pupuntahan ko na lang,” tanggi ng

matanda at hinarap si Miguel. “Thatid mo na muna si Celine sa kuwarto niya at baka pagod na.”

“No, not at all. Hindi ho ako pagod at ikatutuwa kong makita ang kuwadra.”

Ngumiti si Miguel at hinalikan siya sa noo. “Then let’s get back to the car.”

Umikot lang ang *SUV* sa mansyon at ilang metro galing doon ay nakita na niya ang napakalawak na kuwadra na puno ng mga kabayo at baka ang bawat malapad na kulungan. Sa di-kalayuan ay ang barn ng mga ito na napakalaki rin. It looked like a classic barn from the western movies she’d watched.

Umibis sila sa sasakyan at sabay-sabay na napalingon sa pinanggalingan ng halinhing ng isang kabayo. In a small mudded arena was a big brown horse and a big man wearing a cowboy hat. Tila hindi nito napansin na nandoon pala sila. Patuloy ito sa pangungunyapit sa kabayo habang nag-a-ala-toro ang hayop.

Hindi mahagilap ni Celine ang mukha nito sa likot ng sinasakyang kabayo. All she could see was his muscled arms, lean thighs and perfect abs that showed through his white shirt wet with sweat and mud.

“Is that Lander?” hindi rin siguradong tanong ni Enrique.

Bago pa nakasagot si Miguel ay tumilapon na ang malaking bulto ng katawan ng nasa arena at patihayang bumagsak sa putikan. “F*ck me!” bulalas nito.

Napatikhim ito at inakbayan siya na tila pa gustong takpan ang kanyang tainga. “Yes, Dad, that would be Lander...”

“Still taming the wild, I see!” pasigaw na turan ng ama nito.

Noon lamang sila napansin ng lalaki at mabilis na tumayo. A ready smile was on his lips. Ironically, her heart was far from ready. Parang tumigil iyon sa pagtibok bago tila nagwawalang gustong makalaya mula sa kanyang dibdib. She also felt like running away for some reason. Lalo na nang walang kahirap-hirap nitong talunin ang bakod ng arena at naglakad papalapit sa kanila. Grinning from ear to ear, he pulled a stem of grass on the way and played with it with his mouth while he walked toward them.

“Didn’t I tell you to wear a clean shirt?” bungad ni Miguel dito, nakangisi.

Sa halip na sumagot ay lumapad lang ang ngiti

nito bago walang babalang niyakap ang kapatid, staining mud and dirt all over Miguel's immaculately clean shirt.

“Damn it, Lander!” kunwari ay bulalas nito pero tinapik-tapik ang likod ng lalaki.

Hiniwalayan ito ni Lander at tinapik-tapik ang pisngi nito. “Now look at you, you beautiful bastard!” anitong nakatingin sa madumi nang suot ng kanyang katipan. “That is more like it!” Pagkuwan ay pumormal ito at nilingon ang amang nakatingin dito. “Father,” pag-acknowledge nito.

“Don't I get a dirty hug?”

Bumalik ang ngiti nito at niyakap ang ama.

“Great job, Son. Great job,” narinig niyang bulong ng matanda.

“Lander, meet my lovely fiancée,” ani Miguel nang maghiwalay ang mag-ama. “Miss Celine Umali.”

Hindi naalis ang ngiting sinalubong nito ang kanyang alanganing tingin. His smile was very mischievous. Nakataas ang isang sulok ng labi nitong nilalaro pa rin ang tangkay ng damo. His brown eyes sparkling and probing. Ang tipo ng tingin na hantarang nagsasabing may mga bagay patungkol sa

My Fiancé's Brother- Jade Anne Franco

kanya na naglalaro sa isip nito. Tila walang pakialam ang lalaki sa nakapaligid sa kanila. And she was so close to melting. Ramdam niya ang pag-iinit ng pisngi niya sa paraan ng pagtitig nito. She was feeling very awkward.

“Ikinagagalak kitang makilala, Miss Umali,” sa wakas ay saad nito matapos tanggalin ang damong nasa bibig at itinapon na lang kung saan. “I’d shake your hand but mine are dirty,” dagdag pa nito.

“I-it’s okay.” Nagpasalamat siyang pumulupot ang braso ni Miguel sa kanyang baywang dahil kahit papaano ay nasuportahan ang nanghihina niyang katawan. She was suddenly feeling so weak.

2

“She’s a fine lady,” komento ni Lander nang magpaalam na ang kanilang ama para matulog.

Naroon sila sa veranda sa pangalawang palapag ng bahay. Doon sila tumuloy para magtsaa matapos kumain ng masaganang hapunan. Nauna nang magpaalam si Celine dahil napagod di-umano ito sa biyahe.

“I know, and I genuinely like her.”

“Good for you,” tugon niya. “Hindi ako ang tipong naniniwala sa kasal but for you, I want to believe in it. I wish you all the best, Miguel. It’s everything you deserve,” sinsero niyang pahayag.

Nilingon siya ng kapatid na tatlong taon ang tanda sa kanya. He was twenty-six and Miguel was twenty-nine. Tinapik siya nito sa balikat. “Thanks, Lander. Settling down isn’t so bad after all, you know?”

Natahimik siya, nasa isip na malamang na hindi niya rin panginigilagan ang kasal kung katulad ni Celine ang babaeng pakakasalan niya. Everything about the lady mirrored, warmth, grace, tenderness

and humility. Huwag nang isali ang panlabas nitong anyo na tanging bagay na nagpawala sa kanyang huwisyong nang ilang segundo.

She had long black hair with bangs that framed her heart-shaped face perfectly. She had the reddest most luscious lips he'd seen and they were always smiling. Wearing a plain white summer dress that was nonchalantly hanging over her shoulders, she was a view to behold. Silky and milky-brown skin that glistened under the sun. Ang makurba nitong katawan na nakita niya nang umihip kanina ang hangin at mahapit sa katawan nito ang suot na damit. She was the classic definition of beauty.

“Wow...” bigla ay parang natauhan niyang anas.

“What?” untag nito.

“N-nothing,” kunot-noo niyang tanggi. Hindi niya maintindihan kung paanong pumasok sa utak ang pangyayari kanina nang ganon kadetalyado. “Hey, you want some wine?”

“No, I'm tired. Maaga ko pang iikot si Celine sa rancho bukas,” tanggi nito na tumayo na. “Oh, damn!”

“What?”

Napakamot ito sa ulo. “Nakalimutan kong ibigay ang mga pasalubong ko kina Tatay at Mamang.”

Napangisi siya. “Please tell me you bought something for Aya, ibi-bleach niyang lahat ng de-kolor mong damit kapag nalamang wala kang dala para sa kanya.”

Miguel’s face lightened up with adoration. “Of course I have something for her. Di bale, bukas na lang, pagod na rin talaga ako.”

“Good night.” Tumayo na rin siya at tinungo ang sariling kuwarto.

Nakangiting nag-inat si Celine. She had the best sleep of her life. Ni hindi kailangan ng air con sa kuwartzong ipinagamit sa kanya. It was a huge room with huge glass windows. Nakabukas iyon kaya pumasok ang lamig ng kapaligiran sa kuwarto. Tinitigan niya ang bedside clock at nakitang mag-a-alas seis pa lang ng umaga. Nakikita niya mula sa bukas na bintana ang pagkalat ng manipis na liwanag sa kalangitan. Mabilis siyang bumangon at tumuloy sa banyo.

She had always been an early riser. Na-excite siya bigla. Matagal-tagal na rin mula nang aktwal na

tumakbo siya para mag-ehersisyo. Nang makapagbihis ng running shorts at sweater ay walang ingay siyang nag-stretching at maingat na tinakbo ang pababa ng hagdanan. Nag-iwan siya ng text message kay Miguel na mag-jo-jogging lang siya saglit. Baka magising ito nang hindi pa siya bumabalik.

“Good morning po, Mamang Renata!” bati niya sa matanda nang makasalubong niya sa pinto ng mansyon. May dala itong basket na naglalaman ng mga itlog at kung anu-anong mga gulay.

“Ang aga mo naman, Anak. Nakapagpahinga ka ba nang maayos?”

Nginitian niya ito. “Oho, napasarap nga po ang tulog ko, eh. Saan nga po pala puwedeng tumakbo?” derecho niyang tanong.

“Kahit saan mo gusto, huwag ka lang lalapit sa may burol dahil tanging ang magkapatid lang at si Aya ang nakakapunta doon nang hindi gumugulong pababa. Nitong huli nga ay pinagbawalan na rin ni Lander si Aya na magawi doon dahil doon daw nagtungo ang lahat ng mga ahas na dati ay sa mga malalagong damo rito sa paligid nakatira,” litanya nito.

“G-ganoon ho ba?” bigla ay naalangan niyang

tanong.

Napangiti ito. “Huwag kang mag-alala, doon lang naman iyon sa burol. Lahat na ng bahagi ng rancho ay ligtas.”

“Sige ho, maraming salamat!”

“Siya, huwag kang magtatagal, ha, Hija? Naghahanda na ako ng agahan.”

“Opo!”

Siniguro muna ni Celine na nakatalikod siya sa direksyon ng burol bago nagsimulang tumakbo. Di nagtagal ay pawisan at hinihinal na siya habang patuloy ang hindi nagbabago ng bilis na pagtakbo. Tuwang-tuwa siya habang pinapanood ang iba’t ibang kulay ng mga ibon na panaka-nakang sumasabay sa kanyang pagtakbo. Narating na niya ang mga puno na nang nagdaang araw lamang ay malayo niyang tinatanaw. Sinunod niya ang kahabaan ng man-made dirt path sa gilid nito at aliw na aliw na inikot ang paningin sa kalaliman ng gubat na nasa gilid ng daan na tinatakbuhan. She would bet a huge amount of money that it was a virgin forest. Berdeng-berde ang mga dahon ng nagsisilakihang puno na nakakapitan ng mga vines at wild orchids. She made a mental note to ask Miguel to take her in the depths of the

forest. Kung sa labas pa lang ay napakarami na niyang makikita, hindi na niya mahintay pang makita kung ano ang naroon sa liblib niyon.

Kung hindi pa naging malubak ang kanyang dinadaan ay patuloy pa ang paghanga niya sa mga nakikita. She suppressed a squeak nang matapilok siya nang dahil sa isang malaking bato.

Humihingal na itinukod niya ang mga kamay sa tuhod habang pinapakiramdaman ang paa. Hindi naman siya masyadong nasaktan, kaya nagsimula siya muling tumakbo. Naramdaman niyang tila pataas at mas lalong nagsisipaglakihan ang mga bato sa dinaraan niya, pero hindi niya magawang tumigil. Up where the pointed rocks disappeared was the orange and purple sky and a shadow of the greenest mountain she had ever seen.

Hindi nagtagal ay kumakapit na siya sa mga batong nadadaan. Holding on to each of it for dear life. Nang lingunin niya ang pinanggalingan ay halos mahilo siya dahil mataas na pala ang kanyang nararating. Although she was stupid enough for forgetting about the hill Mamang Renata warned her about, she wasn't that stupid not to realize that she was climbing that exact same hill at that moment.

Hindi niya lang napansin na ang daan na

tinatahak niya kanina ay paikot na pala sa kanyang pinanggalingan. She tried desperately to forget about the snakes because there was no way she could go back down. Baka sa ibang side ng burol ay may mas madaling daan.

Napahugot siya ng hininga nang makitang ilang hakbang na lang at mararating na niya ang tuktok ng burol. Sa malayo ay napakababa nitong tingnan, pero ngayong inaakyat na niya ito ay napagtanto niyang napakataas pa rin pala nito.

“Almost there,” she grunted. Inabot niya ang nakitang nakausling bato at ibinuhos doon ang bigat ng katawan upang maiangat ang sarili.

Nakarinig siya ng mahinang karambola ng maliliit na bato bago ang bahagyang pag-uga ng kinalalagyan niya.

“Oh, my God!” sigaw niya nang makarinig ng malakas na paguho, sabay ng pagbagsakan ng mga batong dinaanan niya kanina.

“Shit!” Mabilis na napakapit siya sa isang nakausling sanga nang bumigay ang hinahawakan niyang bato. Then horror concentrated on her face when she saw a huge rock rolling down her direction.

“Oh, my God! Tulong!” mabilis niyang sigaw

habang nahuhumindik na nakatingin sa malaking batong mabilis na gumugulong papalapit sa kanya. Bigla ay may naramdaman siyang malamig na bagay sa kanyang kamay na nakakapit sa sanga. She nearly fainted when she saw a snake in orange, black and white stripes crawling on her hand.

Malakas siyang tumili na halos ikasugat ng kanyang lalamunan. Mas mamatamisin pa niyang mahulog kaysa patuloy na gapangan ng makamandag na ahas. So she closed her eyes and... she let go.

Hinintay na niya ang tuluyan niyang pagkahulog, ang sakit ng pagkakahampas ng kanyang katawan sa matatalim na bato. Pero hindi iyon ang naramdaman niya. What she felt was a big, warm, calloused hand gripping her wrist.

Mabilis niyang idinilat ang mga mata and thanked all the saints she knew when she saw Lander. "I got you," anito at walang kahirap-hirap siyang hinila pataas.

Halos mabuwal pa rin ang dalaga nang sa wakas ay muli siyang makaapak sa solidong lupa. Nanginginig at nanghihina ang buo niyang katawan sa takot nang dahil sa nangyari. Marahang pinagpag ni Lander ang alikabok sa kanyang sweater at inayos ang nagulo niyang buhok. Pagkaraan ay inabot nito

ang kanyang kamay at ineksamin.

“Okay ka lang ba?” puno ng pag-aalala na tanong nito.

Nanginginig pa rin sa takot na tumangu-tango siya.

Hinawakan nito ang kanyang baba at inangat upang masusing pagmasdan ang kanyang mukha. “Hey, look at me,” malumanay nitong utos at ikinulong ang kanyang mukha sa mga palad nito.

Napapikit siya sa init na nadama mula sa balat ng binata. At unti-unti ay kumibut-kibot ang kanyang mga labi, nanginit ang mga mata niya at kumawala ang impit na iyak sa kanyang bibig.

“Oh, Sweetie.” Mabilis siya nitong ikinulong sa mga bisig nito at hinimas-himas ang kanyang likod. “It’s all right, it’s all right... You’re safe now.”

Tuluyan na siyang napahagulgol. Ngayon pa lang rumehistro sa kanya ang kapahamakang maaari sanang nangyari sa kanya kung hindi dumating si Lander. “I could have died,” pagkaraan ay sumisigok-sigok niyang turan.

Muli nitong ikinulong ang kanyang mukha sa mga palad nito. “But you didn’t,” kontra nito at

idinikit ang noo sa kanyang noo. “I came, and saved you. And now you’re safe.” Next thing she knew, he was softly kissing her forehead, her eyes, her cheeks, all the while reassuring her that she was safe. And she believed in him.

Ninamnam niya ang assurance na dulot ng maliliit nitong halik. Ang paghagod nito sa kanyang likod, ang init na mula sa katawan nito na gumagapang sa kanyang kaibuturan. Ang katawan niya ay tila perpektong nakahulma sa katawan nito. It all felt so natural, it all felt so... beautiful.

Naramdaman niya ang paghalik nito sa gilid ng kanyang mga labi. Immediately, heat shot through her which awakened the realization of what was happening. Nang salubungin niya ang tingin nito ay tila naramdaman din nito ang nararamdaman niya. His deep-set eyes penetrated within her. Ilang segundong nanatili silang nakatitig sa isa’t isa, puno ng kalituhan. Si Lander ang unang bumawi ng tingin at disimulado siyang binitawan.

“A-are you all right, now?”

Tila pinaliguan ng nagyeyelong tubig na mabilis siyang tumangu-tango. Pakiramdam niya, pati ang kanyang bumbunan ay namumula nang dahil sa nangyari. How could she have shared a moment so

intimate with her fiancé's brother? She cursed herself.

“Wala bang nagsabi sa 'yong hindi mo dapat puntahan ang burol na 'to?” mayamaya ay tanong nito.

Napayuko siya. “Mamang Renata did, but... but I got lost,” napapahiya niyang pag-amin.

Muli siyang natigilan nang maramdaman ulit ang kamay nito sa kanyang baba. “Then don't look down, or all you've been through will be a waste.”

Nagtataka man ay sinunod niya ito at napanganga nang makita ang eksaktong paghiwalay ng araw sa horizon ng bundok at langit. The dark clouds faded away into oblivion as faint orange light flooded the mountains and the very hill where they were standing.

“Good morning, Celine,”

Napangiti siya sa tinuran ni Lander. Nang lingunin niya ito ay bumalik na ang pilyo nitong pagkakangiti. “Good morning.”

Kumindat pa muna ito sa kanya bago, “Let's get you home.”

3

“Mamang, nakita n’yo ba si Lander?” narinig niyang tanong ni Miguel.

Tumayo si Celine mula sa antigong ugat na upuan at tinungo ang veranda kung saan narinig niya ang boses ng katipan.

“Nasa kagubatan at nangangaso kasama ang Tatay Cardo mo, may kailangan ka ba?” sagot ng matanda na kasalukuyang nasa hardin malapit sa veranda at nagdidilig ng mga halaman.

“Kumusta ho kaya ang factory?” tanong pa rin ni Miguel.

“Maayos naman sa rinig ko, nagkakaproblema ba sa mga dini-deliver na produkto sa Maynila?”

“Hindi ho, kaya lang ay isasama ko si Celine doon, nakakahiya kung magkaproblema.”

Napangiti siya sa tinuran ng katipan at tuluyan itong nilapitan. “Miguel...”

Gulat na nilingon siya nito. “Kanina ka pa diyan?” anito, sinalubong siya at inakbayan.

“Hindi naman...”

Napangiti ang kausap nitong kawaksi. “Huwag kang mag-alala, Hijo. Sigurado akong maayos ang lahat doon. Bukod pa sa magaling na tao ang namamahala doon ay hindi rin nagkulang si Lander sa pagbabantay. Naroon sa mga lalagyan ng susi ang susi ng sasakyan ni Lander na ginagamit papunta roon. Kuhanin mo na lang at alam kong wala kang magagamit dahil ginamit ng iyong ama ang dala n’yong sasakyan papunta dito.”

Bumalik ang tingin ni Miguel sa kanya. “Are you ready?”

“Yep!”

“Salamat, Mamang, mauna na ho kami.”

“Mag-iingat kayo,” pahabol pa nito.

“Bakit si Lander nagdesisyon na manatili rito?” maingat niyang tanong sa katipan. Nasa daan na sila patungo sa pagawaan ng dried fruits.

Ngumiti muna si Miguel bago sumagot, “He had always loved this place since we were kids, he treated this as his some sort of sanctuary.”

“Don’t you like it here?” Hindi mahirap sa kanyang mahalín ang lugar na ito katulad ng pagmamahal ni Lander. It was too easy to fall in love with something so beautiful.

“Love it, even,” mabilis na sagot nito na tinapunan siya ng tingin. “But being the eldest, mas maaga akong na-introduce sa mga responsibilidad. Lander had the chance to truly enjoy the place and Mang Cardo had the pleasure of raising a son in him, the way hunters do. Kaya hindi ako nagtataka na tuluyan siyang mahumaling sa lugar na ito. This is his turf, walang isang sulok ng lugar na ito na hindi pa niya nahahalughog.”

“H-he never went to the city?” muli ay tanong niya. Nananalangin siya na hindi sana mapansin ni Miguel ang interes na ipinapakita niya tungkol sa kapatid nito. She couldn’t help the curiosity she was feeling.

“He graduated from *UP Diliman*, with a degree in Business Administration,” parang walang anuman nitong tugon.

“Really?”

“Yeah, but he came home the day after their graduation. Sinabihan niya si Dad na tapos na ang

obligasyon nito sa kanya and asked permission to live his life the way he wanted to.”

Napangiti ito sa alaala. “Dad went from giddy to devastated. Buong akala niya ay papasok si Lander sa kompanya, kaya naisipan niyang tuluyan nang ipamahala sa kapatid ko ang rancho na noon ay nasa pamamahala pa niya. It worked out perfectly, thank God.”

“It must have been a relief to your father,” komento niya.

“Certainly, but you see kahit naman hindi mapamahalaan ni Lander ang alinman sa mga negosyo ay hindang-hindi magagalit sa kanya si Dad. We both love him and would die protecting him. Lately pa lang nasanay si Dad sa mga wild escapades ni Lander.”

“What do you mean?” mas lalo siyang na-curious sa tinuran nito.

“Namatay ang Mommy sa panganganak kay Lander at nagawa ni Dad ang pagkakamaling isisi rito ang pangyayari. He sent Lander away the day after he was born. Pinalagaan niya kina Mamang at Tatay na noon ay hindi pa sa mansyon tumutuloy bagaman nagtatrabaho na sa rancho.

“It was only after two years when Mamang told us how sickly Lander was. Nalaman din namin mula sa ospital kung paanong halos lahat ng sahod ng mag-asawa ay napunta sa pagpapagamot sa kapatid ko. They loved him like their own, kaya hindi sila humingi ng suporta sa pagpapagamot. Kung hindi ko pa aksidenteng nalaman ay hindi rin malalaman ni Dad.

“Lander is a carbon copy of Mom, something that was not clear yet when he was newly born. Kaya mula nang makita ulit siya ni Dad ay hindi na nito hinayaang iuwi pa siya nina Mamang. It was how they ended up living in our house. It took us four more years to have Lander completely recovered from his immunity disorder.”

Hindi makapagsalita ang dalaga sa nalaman. Imagining the young Lander rejected by his father. Living uncomfortably gayong may napakalaking bahay na sadyang para rito. Sick and crying...

Napakagat-labi siya. “That is so sad.”

Inabot nito ang kamay niya. “Don’t think about it, Sweetheart. Lander is as strong as a bull now and if he wasn’t my brother, I’d already be jealous dahil sa interes mo sa kanya.”

She knew it was a genuine joke from Miguel, but still, she felt her heart slammed up her throat. Para siyang biglang nahulihan ng isang kahiya-hiyang sekreto. What was worse was that she didn't even know what her secret was.

“Don't be silly...” nagawa niyang sabihin, pilit ang ngiti.

Hinalikan nito ang likod ng kanyang kamay. “You're blushing, I'm sorry, It was a bad joke.”

Pilit siyang tumawa. “It's okay,” nasabi na lang niya.

“Kumusta diyan, Celine? Are they treating you well?”

“Yes, Ma. Miguel has a wonderful family. They have the most beautiful ranch, it's just all green and beautiful here,” turan ni Celine sa ina na kausap sa cellphone. Nasa veranda siya sa likod ng mansion, tinatanaw ang kuwadra di-kalayuan mula sa kinatatayuan niya.

“That's good to hear, Anak. But do remember that you don't have to do this. Hindi mo kailangang magpakasal para lang sa negosyo ng pamilya. We're

doing very well and expanding nationwide isn't that important to us."

Nakikinita na niya ang mapang-unawang ngiti ng kanyang ina. Gusto niyang sabihin dito na gusto niya ang gagawin. Na walang pagtutol na nararamdaman ang kanyang puso at isip. Katulad noong una niya iyong napagdesisyunan. When there was no one significant in her life to think of, when it felt like Miguel was the perfect guy for her and for them. But suddenly, it all felt so wrong.

Ipinilig niya ang ulo. She had already given her word to Miguel and his family. "Alam ko 'yan, Ma. Huwag kayong mag-alala. I want this... I know I'll be happy. Miguel is an incredible guy."

"I'm happy to hear that. So, hanggang kailan kayo diyan?"

"We'll..." Nabitin ang sasabihin niya nang mula sa burol ay may aninong unti-unting nabubuo sa kanyang paningin. Riding a big and familiar brown horse, brown untamed hair crashing into the wind. His perfectly built body in full control of the wild beast. In his white shirt under a brown leather jacket and filthy denim jeans, Lander was truly a sight to behold.

Nakita niyang tinapik-tapik pa nito ang leeg ng kabayong nang nagdaang araw lang ay hindi nito halos makontrol bago tuluyang bumaba. The not-so-wild horse bowed in front of her master, para bang nabubuhay lamang ito para paluguran ang amo. Madilim man ang ekspresyon ng mukha ay nagawa pa ring ngitian ni Lander ang bagong alaga dahil sa ginawa nito bago ipinasok sa malawak na kulungan. And then suddenly, his gaze jerked sideways to meet her unprepared eyes.

“Celine, nariyan ka pa ba?” bigla ay untag ng kausap niya sa telepono na sandali niyang nakalimutan.

Wala sa sariling napaatras siya. Biglang napuno ng kakaibang kilabot ang kanyang sarili sa paraan ng pagtitig sa kanya ng binata. There was no mischief in his eyes and no smile on his lips. She even saw a slight clenching of his jaw.

“Y-yes, Ma. M-mga two weeks...”

Muli siyang natigilan nang makitang humahakbang papalapit sa kanya si Lander. Her throat constricted, a searing sensation started to concentrate on her chest then sensually crawled to every part of her body. Ang tanging nagawa niya ay ang muling humakbang paatras.

“Celine,” muli ay tawag ng kanyang ina.

She stepped back again when she saw Lander's fierce yet expressionless stare nearing her. At bigla ay halos mauntog pa siya nang ang saradong pinto na pala ang maatasan niya. “Two weeks more or less, Ma. I... I need to go,” mabilis na niyang paalam bago pinatay ang hawak na cellphone. Hindi na rin siya naghintay ng kung ano pa man, binuksan niya ang pinto sa likuran niya at malalaki ang hakbang na tinungo ang kuwartong inilaan para sa kanya.

“Damn it!” *What the hell is wrong with me?* angil niya sa sarili nang mai-lock ang pinto. Halos mabingi siya sa tambol ng kanyang puso. Dalawang araw na mula nang mangyari ang insidente sa burol at mula nang ihatid siya ni Lander sa mansyon. Ngayon na lang ulit niya nakita ang lalaki.

Hindi niya inaasahan ang ganoong reaksyon sa kanya sa muling pagkakita rito.

She certainly didn't expect the fierceness on his expression when he looked at her.

Muli ay ipinilig niya ang ulo. Maling-mali na hayaan niya ang sarili na maapektuhan nang ganito sa kapatid ni Miguel. Sa tuwing nakikita niya si Lander, tila lagi itong may ginigising sa kanyang

kaibuturan.

Something wild and primitive.

And she wasn't liking the feeling, she had always been satisfied with her life, and only Lander made her feel like a huge chunk of something was missing in her rather boring life.

Katok sa pinto ng kanyang kuwarto ang pumigil sa takbo ng kanyang isip.

"S-sino 'yan?" kabado pa rin niyang tanong.

"Ate Celine, si Aya po 'to! Pinapatawag ka ni Sir Enrique. Saluhan mo raw siyang magmerienda sa den."

Mabilis siyang tumayo at binuksan ang pinto. Nabungaran niya ang nakangiting mukha ni Aya.

"Hello po, Ate," anito.

"Hi, nariyan na rin ba si Miguel?" tanong niya. Nagpaalam ito kanina matapos ang agahan na mag-co-conduct ng scheduled inspection sa factory.

Umiling-iling ang dalaga. "Wala pa ho, si Sir Enrique lang at si Lander ang naroon sa den at hinihintay kayo."

Bigla ay parang napuno ng kung ano ang sikmura

niya at gusto niyang sabihin na busog siya at ayaw magmerienda. But she was too polite to decline the old Pireira's invitation, of course.

“Sige, susunod na ako,”

Magalang nang nagpaalam si Aya at tumalikod.

“Hindi ako papayag, Dad. I'm sorry pero hindi ko na hahayaan pang sirain ang parteng iyon ng kagubatan para lang palawakin ang factory,” malayo pa ay rinig na ni Celine ang usapan ng mag-ama.

“We need the expansion, Son. Lalo na at nalalapit na ang kasal ng kapatid mo. Kapag tapos na ang kasal ay magsisimula na ang mas maramihang pag-produce ng mga produkto, we need space, we need people. Your brother needs this.”

Natahimik si Lander nang mabanggit ang kapatid. Nang mga oras na iyon ay nagawa na niyang sumilip sa den at kitang-kita niya ang madilim na anyo ng binatang ranchero. Nakatayo ito malapit sa malaking bintana, tanaw ang walang hanggang kagubatan. Samantalang si Enrique naman ay tila nanghihina sa pagkakaupo sa single couch. Ang usapan marahil ngayon ng dalawa ang sanhi ng mood ni Lander kanina nang dumating ito.

Sinamantala niya ang katahimikang iyon para

tuluyang pumasok sa den. “H-hi, Tito,” alanganin niyang bati.

Kaagad na napatayo ang matanda. “Celine, Hija, take a seat...”

Ngumiti siya at pasimpleng tinapunan ng tingin si Lander na hindi man lang siya nilingon. Ni hindi ito natinag sa kinatatayuan.

“Lander, Celine is here,” may awtoridad sa boses ni Enrique nang muling magsalita.

“Narinig ko,” malamig nitong tugon at hinarap siya.

Napalunok siya nang masalubong ang kalamigan ng tingin nito. Something rather sharp penetrated her chest when she saw the anger in Lander’s eyes. Hindi iyon ang gusto niyang tingin ng binata sa kanya. She wanted him to look at her the way he did the very first time.

Full of carefree admiration.

Sandali muna itong nakipagsukatan ng tingin sa kanya bago ibinaling ang tingin sa ama. “I’ll be in the ranch. Kung may kailangan kayo, pasabihan n’yo na lang si Tatay Cardo.” Bumalik ang tingin nito sa kanya. “Celine.” Pagkatapos ay walang emosyon siya

nitong tinanguan at tumalikod na.

Bumuntong-hininga si Enrique bago nagpakawala ng pilit na ngiti. “Don’t mind him, Hija. He’s always touchy whenever we want to change something in the forest,” anito at nilagyan ng cinnamon roll ang platitong nasa tapat niya. “Try that, specialty ’yan ni Renata.”

“Thank you,” tipid niyang sagot, ang isip ay hindi pa rin mawaglit sa lalaking kaaalis lang.

“So how’s your stay here so far? Nagustuhan mo ba ang lugar?” pagsimula nito ng usapan at humigop sa kape nito.

Tumangu-tango siya. “The place is wonderful, mayroon din ho kaming farm sa Mindanao, but it’s nowhere near the beauty of this place. I’ve been thinking of asking Miguel to take me inside the forest. Pero abala ’ata siya ngayon at sa mga darating na araw... It would be lovely to find out the secrets of your wilderness,” totoo sa loob niyang pahayag.

Napangiti ang matanda. “I’m sorry to tell you, pero hindi mo maaasahan si Miguel sa ganyan. It’s been more than a decade since he last went into the wild and even then, he ended up being saved by Aya who was barely eleven then. Mapapayag mo man

siyang samahan ka, I'm quite certain you'll both end up lost inside the forest kung hindi man malagay sa alanganin dahil sa mababangis na hayop na naroon. Lander is the only one who could handle those beasts and navigate around the forest like walking in the park."

Hindi niya alam pero bahagya siyang nangiti sa sinabi nito. Miguel had the body that could excel in any sport, but now that she was truly thinking of it, hindi rin talaga niya ma-imagine na mamundok ang mapapangasawa. He belonged in neat offices, transacting business and torturing his business rivals. It was what Miguel was really good at. Unlike Lander, who seemed to have a command over nature.

"I see," nasabi niya. "That's unfortunate..." hindi niya napigilang idagdag.

Umiling-iling ang matanda at iwinagayway ang mga kamay. "Not to worry, Hija. I'm sure Lander would find it a pleasure to show you his kingdom."

Napaangat ang tingin niya rito. Wala sa oras na nalunok niya ang bahagya pa lamang nangunguyang pastry. "N-no," kandautal niyang tanggi nang makabawi. "It's... it's not really that important. Nakakahiya naman kung abalahin ko pa si Lander. I'm sure he already has enough plates on his hands..."

pagdadahilan niya.

Truth be told, she wanted to stay away from Lander as far as she could. Nagsisimula na siyang ma-guilty kay Miguel dahil sa kung anu-anong nararamdaman niya sa tuwing malapit siya sa binata. And there was another thing; she didn't like to witness that anger in his eyes again.

It was unreasonably painful.

“Nonsense, Hija. If there's one thing that Lander loves to do it is to show the forest to someone who appreciates nature. And the way I see it, you are one of those people,” pag-i-insist pa rin ng kausap.

“I really don't mind if I don't get to see it, I'm sure I'll have plenty of chance once Miguel and I are...” Parang biglang may nagbara sa kanyang lalamunan na hindi niya matuloy ang sinasabi. Something bitter laced her tongue. Lumunok muna siya. “... once M-Miguel and I are... are married.”

“Why wait, though? Besides, you're still our guest and it's our responsibility to make sure you enjoy your stay here.”

Hindi na niya nagawang tumutol pa sa determinadong boses ni Enrique. At tuluyan na siyang nanghina nang tawagin nito si Cardo at ipahabol

My Fiancé's Brother- Jade Anne Franco

ang alam niyang sa ngayon ay papaalis pa lang na si Lander.

Fear crept through her. Hindi lang siya sigurado kung dahil iyon sa panganib ng kagubatan o sa taong sasama sa kanya roon. Either way, it was not a pleasant feeling.